




GRADE VI
MGA ESPESYAL NA GUHIT LATITUD



Suriin ang krokis ng mundo



Hanapin sa globo ang putol-putol na guhit na matatagpuan sa hilaga at timog ng ekwador. Alam mo bang may kinalaman ang mga guhit na ito sa iba't ibang klima at panahon ng mundo?

Sa modyul na ito makikilala mo ang mga espesyal na guhit latitud na kaagapay ng ekwador tulad ng Tropiko ng Kanser at Tropiko ng Kaprikorniyo, Kabilugang Arktiko at Kabilugang Antartiko.





PAGBALIK-ARALAN MO

Punan ng tamang sagot ang patlang upang mabuo ang pangungusap.

1. Sinusukat ng _____ ang layo ng isang lugar sa lobo mula sa ekwador.
2. Ang mga guhit latitud ay nagmumula sa _____ patungo sa silangan.
3. Tinatawag ding _____ ang mga guhit latitud.
4. Ang mga guhit latitud sa hilaga ng ekwador ay tinatawag na _____.
5. Ang mga guhit latitud ay papaliit habang lumalayo sa ekwador at _____ naman sa mga globo.



PAG-ARALAN MO

Basahin at unawain:


Mga Espesyal na Guhit

Ang mga espesyal na guhit ay may mahalagang papel kaugnay ng posisyon ng mundo habang tinatalunton nito ang orbit sa pagligid sa araw. May kinalaman ito sa pagbabago ng panahon at pag-iiba ng klima.

1. *Tropiko ng Kanser*

Ang Tropiko ng Kanser ay nakalatag sa $23\frac{1}{2}^{\circ}$ hilaga ng ekwador. Ito ay nagsisilbing pinakahilagang hanggahang naaabot ng bertikal na sinag ng araw sa hilagang hatingglobo. Dahil sa pag-ikot ng mundo sa araw, nararating nito ang posisyon kung saan ang sinag ng araw ay umaabot sa $23\frac{1}{2}^{\circ}$ hilaga ng ekwador. Nagaganap ito dahil nakahapay ang mundo sa kanyang aksis.






2. *Tropiko ng Kaprikorniyo*

Ito ay matatagpuan sa $23\frac{1}{2}^{\circ}$ timog latitud. Ito ay nagsisilbing pinakatimog na hanggahang naaabot ng bertikal na sinag ng araw sa timog hatingglobo. Ito ay karaniwang nangyayari tuwing winter solstice sa timog hating globo. Lahat ng mga lugar sa dalawang tropiko na ito ay kabilang sa mababang latitud.

3. *Kabilugang Artiko*

Ito ay nakalatag sa $66\frac{1}{2}^{\circ}$ hilaga ng ekwador na nagsisilbing pinakahilagang naaabot ng pahilis na sinag ng araw sa hilagang hating globo.






4. Kabilugang Antartiko

Ito ay nakalatag sa $66\frac{1}{2}^{\circ}$ timog latitud na nagsisilbing pinakatimog na hanggahang naaabot ng pahilis na sinag ng araw sa timog hating globo.


Ang mga rehiyon sa pagitan ng Tropiko ng Kaprikorniyo at Kabilugang Antartiko ay tinatawag na gitnang latitud.

Mula sa Kabilugang Arktiko patungong hilagang polo (90°H) at Kabilugang Antartiko at timog polo (90°T) ay tinatawag na mataas na latitud.



 **PAGSANAYAN MO**


A. Isulat ang pangalan ng espesyal na guhit na itinuturo ng palaso. Isulat sa papel ang sagot.





B. Gamitin ang iyong world map o globo at gawin ang mga sumusunod:

Magtala ng tiglilimang bansang nabibilang sa mataas na latitude at mababang latitude. Isulat ang sagot sa sagutang papel.



TANDAAN MO

- *May mga espesyal na guhit latitud. Kasama rito ang Tropiko ng Kanser, Tropiko ng Kaprikorniyo, Kabilugang Artiko, at Kabilugang Antartiko.*
- *Ang mga natatanging guhit na ito ay kaagapay ng ekwador na nagiging dahilan ng pagbabago ng klima at panahon.*
- *Nakakaranas ng mahabang panahon ng tag-lamig at maikling panahon ng tag-init ang mga lugar na nasa kabilugang Artiko at kabilugang Antartiko.*



ISAPUSO MO

Mahalagang may sapat tayong kaalaman tungkol sa mga espesyal na guhit dahil may kinalaman o kaugnayan ito sa pagbabago ng klima at panahon.



SAGUTIN MO

Hanapin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

ekwador	Kabilugang Artiko
Kabilugang Antartiko	Tropiko ng Kaprikorniyo
Tropiko ng Kanser	Mga guhit latitud

- _____ 1. Ito ang guhit na nasa $23\frac{1}{2}^{\circ}$ hilagang latitud.
- _____ 2. Ito ang guhit na nasa $66\frac{1}{2}^{\circ}$ timog latitud.
- _____ 3. Tinagurian itong “The Great Circle”.
- _____ 4. Guhit na nasa $23\frac{1}{2}^{\circ}$ timog latitud.
- _____ 5. Guhit na nasa $66\frac{1}{2}^{\circ}$ hilagang latitud

PAGPAPAYAMANG GAWAIN

Hanapin sa mapa o globo kung saang latitud nabibilang ang mga sumusunod na bansa.

1. Indonesia
2. New Zealand
3. Germany
4. Pilipinas
5. United States of America





Binabati kita at matagumpay mong natapos ang modyul na ito! Maaari mo na ngayong simulan ang susunod na modyul.

